# Si Ulang At Si Balanak

Sinulat ni: **Leonelyn D. Monleon**
Guhit ni: **Nathalie Mae T. Sauza**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Sa malalim na parte ng ilog, nakatira ang pamilya ni Balanak. Kasama nila dito ang iba pang pamilya ng mga isda kagaya nina Igat at Bagtis. Sa hindi kalayuan, ay nakatira din ang pamilya ni Ulang.

Isang araw, nag- usap- usap ang mga isda. "Salot na talaga sa lugar natin ang pamilya ni Ulang," sabi ni Balanak.

"Oo nga. Noong isang araw, naipit ng sipit ng anak niya yung anak ko habang naglalaro sila sa batuhan," sabi ni Igat. Sumagot din si Bagtis na natusok din ng sungay ang anak nito.



Dahil sa maraming reklamo, nagkaisa ang pamilya ng mga isda na puntahan ang pamilya ni Ulang. Naabutan nila ang pamilya nito na naglilinis ng mga lumot sa batuhan. Ang mga anak naman nito ay nagdidikdik ng maliliit na kalat para makain ng maliliit na mga isda.

"Ulang!" tawag ni Balanak. "Marami ng pamilyang naapektuhan sa ginagawa ng mga anak mo na naninipit at nanunusok." Sumagot si Ulang, "Hindi

naman nila sinasadya iyon, kaibigang Balanak. Hindi pa kasi nila kayang kontrolin ang kanilang mga kilos dahil mga bata pa sila."

Pero nagpumilit pa rin si Balanak at ibang mga isda na palayasin ang pamilya ni Ulang. Kaya wala itong nagawa kundi ang umalis na lamang sa lugar kasama ang buong pamilya.

Dumating ang tag- init. Bumabaw ang tubig sa ilog at napuno ito ng lumot. Nagkamatay ang pamilya nina Balanak at iba pang mga isda dahil sa dumi ng lumot. "Kung nandito lamang sana ang pamilya nina Ulang, malinis sana ang ating paligid," sabi ni Bagtis.

Nag- usap ang mga isda na hahanapin nila ang pamilya ni Ulang at nagnanais pabalikin ito sa kanilang lugar. Napagtanto nila kung gaano kahalaga ang pamilya ni Ulang para mapanatiling malinis ang kanilang tirahan. Hinanap at natagpuan nila si Ulang.

"Kaibigang Ulang, bumalik ka na sa lugar natin. Patawarin mo kami sa pagpapalayas namin sa inyo," sabi ni Balanak. At bumalik nga si Ulang at ang kanyang pamilya sa kanilang lugar. Mula noon, namuhay nang mapayapa ang mga ulang at isda sa malinis nilang tirahan.

